Tagalog

„AMING NARINIG: ANG DIYOS AY KASAMA NINYO “

(Zac8:23)

Pagbabago sa simbahan isabuhay - tapat at may tiwala



# LIHAM PASTORAL

Para sa Kuwaresma 2024

ni Georg Bätzing, Obispo ng Limburg

Mga minamahal na Kapatid sa Pananampalataya!

Sa unang ilang buwan ng taon, maraming tensyon sa maraming departamento ng akawnting. Ang taunang pagtatala ng mga transaksyong pinansyal ay kailangang ihanda at upang mailahad sa mga ulat ang buod ng mga pananalapi ng nakaraang taon. Ang kita at pagkalugi ay tinimbang at pagkatapos ay maari ng makita kung ang taon ay matagumpay para sa kumpanya: positibo o negatibo.

Ang mga paglakas at paghina, paglago o pagbagal ay tinitimbang sa pag-asang ito ay tutungo sa sa isang positibong direksyon. Tila ito ay likas sa tao. Gayunpaman, kung susubukan natin ang isang "pagsusuri sa pagtatapos ng taon" sa mas malaking konteksto ng mundong ito, ang mga bagay ay mukhang makulimlim. Ang kumpiyansa na maaari tayong maging matagumpay sa pagsugpo sa mga sanhi ng pangingibang-bansa at krisis sa klima kasama ang bunga nito sa ekolohiya at ekonomiya: negatibo. Ang pag-asa na maisip ng mga tao na ang dahas at digmaan ay walang anumang naidudulot na mabuti: negatibo. Oo, marami na namang nasayang sa mundo; hindi na mabilang ang nawalan ng buhay.

At marami ring nawala sa simbahan. Mas piniling umalis sa iba't ibang mga kadahilanan. Sa likod ng nakakaalarmang mataas na bilang ng mga taong umaalis sa simbahan ay katotohanan na sila mismo ang nagpasiya. At sinasabi ko ito: Labis akong nalulungkot sa bawat isa sa kanila.

## ANG PAGBABAGO AY DI NA MAIKAKAILA

Ang matagal na nating hinala ay kinumpirma ng Kirchenmitgliedschaftsuntersuchung (KMU), ang taunang estatistika ng bilang ng mga kasapi sa simbahan. Mahigit sa 5,000 katao ang tinanong bilang kinatawan para sa kabuuan ng isang grupo, mga relihiyosong tao at mga di relihiyoso, nagsisimba at hindi kabilang sa anumang simbahan - at sa unang pagkakataon, ang bilang ay sinuri din para sa Simbahang Katoliko. Kinumpirma nila ang patuloy na pagbaba ng bilang sa mga pangunahing simbahan: ang pag-alis ng mga miyembro ay pataas at ang kahalagahan ng simbahan sa lipunan ay pababa. 48 porsiyento na lamang ng populasyon sa ating bansa ang kabilang ngayon sa isa sa dalawang pangunahing simbahan - at mas kaunti pa ang naniniwala na may Diyos na nagpakilala sa pamamagitan Hesukristo. Ang pagpuna sa simbahan bilang isang institusyon ay malakas, kasabay nito ay pinabulaanan ang paniniwala na sinasama ng mga tao ang kanilang relihiyon sa labas ng simbahan at sa pribadong gawain. Ang pagsasabuhay ng pananampalataya sa labas ng simbahan ay halos hindi umiiral. Ang mga paniniwala kaugnay sa relihiyon ay halos walang kabuluhan sa pamumuhay ng mga tao. Ang ating bansa ay nagiging mas sekular at ang karamihan ay halos hindi madaling lapitan kapag pananampalataya na ang pag-uusapan.

Ang mga pahayag tungkol sa katapatan ng mga mananampalataya ay nagpinta rin ng isang larawan ng isang malaking krisis: 4 porsiyento lamang ng mga Katoliko at 6 porsiyento ng mga Ebanghelikal ang nagsasabi na malapit pa rin sila sa kanilang simbahan. Ang tiwala, lalo na sa Simbahang Katoliko, ay bumagsak nang napakalaki.

At halos kalahati ng mga Katoliko ay nagiisip na umalis sa simbahan. Hindi maaring ipagwalang-bahala o isantabi ang ganitong pagbabago. Kailangan nating maging totoo at iwasang magbulag-bulagan. Ang napakalaking pagbaba ay nagpapalungkot sa atin, at dapat nating aminin ito sa ating sarili: Hindi natin naituro ang ating pananampalataya at halaga ng simbahan sa bawat henerasyon sa loob ng mahabang panahon.

## KINAKATAGPO TAYO NG KATOTOHANAN

Katulad ng proseso ng pagdadalamhati, mayroon ding yugto ng pagtanggi at ang paghahanap ng may kasalanan sa loob ng simbahan. Para sa ilan, ito ay ang "masamang" mundo na may pagkahumaling sa pag-unlad, kalusugan, at kasarian; pati na ang makabagong kaisipan na matagal nang nagdudulot ng pagkalito sa simbahan. Marami ang sumasang-ayon sa mga ganitong mga katwiran. Subalit katulad rin ng pagpasa ng kasalanan sa iba, ito ay walang mabuti na naitutulong. Hindi mga Alemang Katoliko ang lalong lumalayo sa pandaigdigang simbahan, kundi ang Roma, na patuloy ang pagtanggi sa reporma at hindi pag-amin sa mga istrukturang sanhi ng pang-aabuso, ay nagiging sanhi ng higit pa at mas maraming mga tao na lumayo sa simbahan.

Maaaring may butil ng katotohanan sa magkabilang panig, ngunit ang pagkadismaya, pagkapagod at kawalan ng magagawa ay hindi malulunasan sa pamamagitan ng hindi pagharap sa totoong sitwasyon at pagpasa ng sisi. Sa halip, pinipigilan nito ang paghahanap ng mga daan palabas at mga bagong pananaw. At higit sa lahat, ito rin ay uri ng hindi

paniniwala, dahil hindi ito nagtitiwala sa Diyos para magbigay sa atin ng mga senyales sa panahong ito - mga tanda na nagpapahiwatig sa hinaharap. Matagal ko nang paniniwala batay sa maraming mga karanasan: Ang katotohanan ay kinakatagpo tayo. Sa katunayan, ang ating Diyos ay Diyos ng kasaysayan. Naniniwala tayo na ipinakita niya ang kanyang sarili sa kaganapan at panahon ng ating mundo ng si Hesus ay naging tao. Iyan ang katotohanan ng pananampalataya. At ito ang dahilan kung bakit, para sa akin, ang realidad ng mundo ngayon ay isa ring lugar ng pagtuklas ng mga bakas ng pagkilos ng Diyos. Hindi lang natin dapat ipikit ang ating mga mata sa mga nangyayari sa ating paligid, sa pagitan natin at sa loob natin. Kahit na ang unang sulyap ay malungkot at nakakabahala, ito ay kinakailangan upang may matuklasan sa pangalawang tingin na maaring magwasak sa lumang gawi, magpalawak sa nakasanayang pananaw at tumulong upang simulan ang bago.

## PANIBAGONG GAWI AT PANANAW

Mabait sa atin ang realidad. Kaya tingnan natin muli ang pag-aaral tungkol sa mga kasapi ng simbahan. At ito ay nagpapahiwatig ng isang bagay na kamangha-mangha sa akin:

► Bagamat napakaraming tao ang umalis sa Simbahang Katoliko, sa loob nila ay nahihirapan silang gawin ito. Sa halip na kawalang pakialam, ang pag-alis sa simbahan ay kadalasang nauugnay sa galit at puot. Marami ang nagdurusa sa kanilang pag-alis. Maaaring ito ay isang magandang panimulang punto para sa isang pag-uusap.

► Ang mga nananatili ay umaasa na ang simbahan ay magsisikap lunasan ang kahirapan at kawalan ng katarungan, at ito ay makikita rin sa karamihan ng kabilang sa ibang simbahan. Ang malasakit sa mga lumisan sa kanilang bayan, pangangalaga ng kalikasan at paglaban sa kahirapan ay malinaw na pamantayan pa rin ng kredibilidad ng simbahan ukol sa dulot na mabuti.

► Madalas kong marinig ang mga kritikal na tinig na nagsasabi na ang diumano'y "silent majority" ay duda sa mga proseso ng reporma sa Simbahang Katoliko. Ito ay iba sa ipinapakita ng pagsisiyasat. 96% porsyento ng mga Katoliko ay nagsasabi: "Ang ating simbahan ay dapat magkaroon ng malalim na pagbabago kung nais nitong magkaroon ng kinabukasan." At ang pinakamahalagang isyu ay kinabibilangan ng positibong pananaw sa homosekswalidad, mas tunay na pakikilahok ng mga layko, ang malayang pagpili ng pag-aasawa o hindi pag-aasawa ng mga pari at mas malawak na ekumenismo. Subalit ito ay nangangahulugan na sa pagsasaad ng mga panukala na ito, sa kabila ng hindi pagsang-ayon ng maraming mananampalataya, ay ang mas depensibong pagtutol, hidwaan, at pag-alis ng mas maraming tao sa simbahan. Hindi malulutas ng reporma ang lahat ng problema ng Simbahang Katoliko, ngunit ito ay lalong lalala kung walang repormang magaganap.

► Kamangha-mangha sa akin ay halos kalahati ng miyembro ng Simbahang Katoliko ay boluntaryong nakikibahagi sa gawain. Kaya ito ang dahilan bakit napakahalaga sa atin ng komunidad at ng kapakanan ng iba!.

► Ang saloobin para sa kumpil at unang banal na komunyon ay nananatiling mataas. 33 porsiyento ng populasyon ay dumalo sa isang pasilidad ng pangangalaga ng mga bata (daycare center ng simbahan). Patuloy na ginagamit ang mga programang gawain para sa mga bata at kabataan ng simbahan. Subalit, malinaw din na ang mga hindi malapit sa simbahan noong kabataan nila ay malamang na hindi ito mangyayari pagkatapos.

► At sa huli, malawak pa rin ang abot ng mga simbahan. Higit sa lahat, ang mga lokasyon ng simbahan at mga parokya, mga pasilidad ng Caritas, gawaing pang edukasyon at mga serbisyo sa pagpapayo ay may epekto pa rin sa lipunan. 33 porsiyento ng mga natanong sa pagsisiyasat ay nagsabi na mayroon silang ugnayan sa mga tao at ahensya ng simbahan.

## WALA TAYO SA KATAPUSAN: BINUBUKSAN NG DIYOS ANG HINAHARAP

Ano ang pinapahiwatig ng lahat ng kaalamang ito, mahal kong mga kapatid sa pananampalataya? Hindi pa ito ang wakas. Ngunit may mga gawi ng simbahan na sa nakalipas na 150 taon ang nawawalan na ng halaga. Ang mga bukal ng pananampalataya ay dumadaloy pa rin ngayon, dahil ang Diyos ay tapat sa kanyang mga pangako. Matibay ang aking paniniwala rito. Kaya naman nakikita ko ang pag-asa sa mag salita ni propeta Zacarias: “Muling sinabi ng Panginoong Makapangyarihan: At sa araw na iyon, sampung dayuhan na galing sa ibang mga bansa na may iba´t ibang wika ang lalapit sa bawat tao sa Judah at

sasabihin, ´Gusto naming sumama sa inyo, dahil narinig namin na ang Diyos ay kasama ninyo (Zac 8:20-23). Ang Diyos ay kapiling natin, iyan ang karanasan ng mga taong may pananampalataya; naglalakad siya sa tabi natin sa pamamagitan ng Rabbi mula sa Nazaret, si Hesukristo, ang Anak ng Diyos - iyan ang ipinapahayag ng mga Kristiyano. At ito ang nagtutulak sa mga tao na maglakbay, dahil, tulad ng sinabi ng teologo na si Fulbert Steffensky (*1933): "parang hindi matiis ng mga taong nakaranas ng misteryo na manatili lamang sa lumang kinaroronan nila; [...] Sila ay humahayo at hinahanap ang kanilang kaligayahan at kaligtasan sa ibang lugar. Ang pagkabalisa sa iisang lugar, hindi pagiging sapat ng mga lumang lugar, pag-alis sa mga lumang tahanan, paghahanap ng bago - ito ay isang pangunahing pagkilos ng pananampalataya. Ano ang tugon rito ng ating mga simbahan?"

## BUKSAN AT PUKAWIN SA ISIP ANG BAGO

Malaking tukso na magtuon lamang sa mga aktibidad sa loob ng simbahan samantalang malinaw na wala ng pakialam ang mundo tungkol sa atin. Hindi rin lunas ang umurong. Sa kabilang banda, matibay ang paniniwala ko na hindi natin dapat itanong kung anong mangyayari na sa atin. Dapat tayong mamuhay nang di-makasarili sa pananampalataya – sa sarili at sa komunidad; at dapat tayong maging saksi ng matibay na pananampalataya sa ibat ibang paraan. Gawin ito nang walang pag-iimbot at sabihin kung bakit natin ito ginagawa, kung bakit mahalaga ito sa atin at kung ano ang nagtutulak sa ating pinakaloob.

Marahil ay masyado nating binalewala sa mga nakaraang dekada na alam ng mga tao kung ano ang simbahan at kung ano ang bumubuo ng pananampalataya. Hindi natin dapat balewalain iyan at simulan nating makatagpo ang mga tao sa lahat ng gawain natin sa simbahan at sa kanilang personal na buhay sa paraang magsisimula silang magtanong. At paano ito dapat mangyari? Isasantabi ko muna ang mga solusyon o diskarte, dahil halos hindi sila magkakaroon ng anumang epekto "mula sa labas" o "mula sa itaas". Magandang magsimula kung saan natin isinasabuhay ang ating pananampalataya: sa mga lokasyon ng simbahan, sa mga parokya, sa mga sentro at institusyon na may mga serbisyo ng simbahan. Marahil ay magiging magandang panimula para sa mga bagong konseho ng parokya na samasamang tuklasin at alamin ang totoong kalagayan ng parokya ayon sa resulta ng pagsisiyasat ukol sa mga kasapi sa simbahan, upang samasamang bumuo kung saan nais nilang magtakda ng mga prayoridad para sa hinaharap. Matagal ko nang napansin ang isang kataga mula sa Arbeitsgemeinschaft katholisch-sozialer Bildungswerke na nagtatanong: Ikaw ba ang pagbabagong kailangan ng ating lipunan? At iniisip ko para sa aking sarili: Oo, gusto kong isabuhay ang pagbabagong kailangan ng ating simbahan. At gusto kong gawin ito na kasama ang iba.

Limburg, Unang Linggo ng Kuwaresma 2024

Inyong Obispo

## Mga tanong na dapat pag-isipan - mga tanong muling iisipin:

### SA AKING PAGSUSURI:

- Maari bang gawin ito sa pananampalataya? Paano?
- Paano ko sinusuri ang sitwasyon ng simbahan?
- Ano ba ang ambag ko sa simbahan?

### AKO AY TAPAT:

- Ano ba ang mga tanong ko?
- Saan ako nakararanas ng mga pagbabago sa simbahan?
- Saan ako nakikipag-usap sa ibang tao tungkol sa simbahan?
- Sino ang kinakausap ko tungkol sa mga iniisip ko ukol sa simbahan?

## MABAIT ANG KATOTOHANAN:

- Saan ko ba nararanasan ito?
- Ano ang tumutulong sa akin na makita ito?
- Saan ko nakikita ang mga pagkilos ng Diyos sa mundo?

## AKO AY KASAMA NG MGA TAO:

- Saan ko nakikita ang mga taong nangangailangan?
- Sino ang ipinaglalaban ko?
- Paano ako makakatulong sa ibang tao?
- Paano ko tinatalakay ang aking pananampalataya?
- Ano ang ibig sabihin ng pagsunod ko kay Jesus?

## BUBUKSAN KO:

- Paano ako nakikipag-ugnayan sa mga tao?
- Ano ang sinasabi ko sa mga tao tungkol sa aking pananampalataya?
- Paano ko iginiguhit ang hinaharap?
- Paano ito magiging mas maganda?

